KODIGO NG GAWI

Mga Pinapahalagahan ng Samsonite

Ang Samsonite ay tapat sa pagsasagawa ng negosyo sa buong mundo sa pamamaraan na di nababago sa mga nakaugaliang pinapahalagahan ng Samsonite. Ang aming layunin at hindi lamang sumunod sa mga batas ng mga iba't ibang mga komunidad na aming pinangangalakalan, ngunit pati na rin ang kumilos ng may pananagutan, katapatan at etika sa lahat ng aming mga ginagawa. Upang matamo ang layuning ito, mahalagang maunawaan at itaguyod ng sinumang kaugnay sa kumpanya ang mga matataas na pamantayan na itinakda na Samsonite para sa kanyang sarili.

Ang Kodigo ng Gawi na tinutukoy na Kodigo, ay maikliang buod ng mga inaasahan ng Samsonite sa kanyang tauhan at ipinapaalala sa atin ang pangangailangan ng pagkilos na may etika sa lahat ng ating mga ginawa. Habang ikaw ay sasailalim sa ilang bilang ng mga karagdagang legal na alituntunin at mga patakarang natatangi sa iyong lugar ng pinagtatrabahuhan, itinatakda ng Kodigo ang pandaigdigang prinsipyo na iiral sa bawat miyembro ng pamilya ng Samsonite.

Ang sinumang nabigong sumunod sa Kodigo ay sasailalim sa pagdidisiplina.

Kung ikaw ay hindi nakakatiyak kung ang Kodigo ay iiral sa partikular na sitwasyon, kailangan mong kontakin ang General Counsel ng Samsonite. Kung gusto mong i-report ang isang partikular na problema sa gawi, maaari mong gamitin ang Samsonite Ethics Reporting Hotline. May iba pang impormasyon sa paggamit ng hotline sa www.samsonite.ethicspoint.com. Kung pinili mong gamitin ang Samsonite Ethics Reporting Hotline, ang iyong pagiging kumpidensiyal ay mapapangalagaan hangga’t ipinagpapahintulot ng batas. Hindi ka madidisiplina o mapaghihigantihan para sa may mabuting layunin na pag-report ng impormasyon.

Iiral ang Kodigo sa lahat ng mga direktor, opisyal at mga empleyado ng Samsonite. Tulad ng pagkakagamit ng Kodigo ang salitang "Samsonite" ay tumutukoy sa Samsonite Group na kinabibilangan ng Samsonite Group S.A. at ng lahat ng kanyang mga sangay na kumpanya.

Kabuuang Pagsunod Sa Batas

Ang Samsonite ay tapat sa pagsunod sa lahat ng mga umiiral na batas, tuntunin at regulasyon na namamahala sa kanyang negosyo sa buong mundo. Kung may mga katanungan ka tungkol sa anumang pamantayan ng batas, mangyaring kontakin ang General Counsel ng Samsonite.

Mga Batas sa Antitrust at Kumpetisyon

Tapat ang Samsonite sa pantay at bukas na kumpetisyon sa mga pamilihan sa buong mundo. Ang lahat ng mga empleyado ay inaasahang sumunod sa mga batas sa antitrust at kumpetisyon ng mga bansa na pinagkakalakalan ng Samsonite.

Ang batas sa antitrust at kumpetisyon ay karaniwang nagbabawal sa nagkukumpetensiyang mga kumpanya sa pagpasok sa kasunduan na naglilimita o humahadlang ng kumpetisyon. Kabilang sa mga halimbawa ang mga kasunduan na nagtatakda ng presyo o naghahati ng mga mamimili o teritoryo. Ang paglabag sa mga batas ay maaaring magbunga ng malaking pinsalang pera at mga kriminal na multa para sa Samsonite at mga kasangkot na indibidwal.

Kung maaari, kailangan mong iwasan ang anumang direkta o di direktang pakikipag-ugnayan sa mga kakumpetensiya ng Samsonite. Wala sa anumang pagkakataon ka dapat na makipagtalayakan sa mga kakumpetensiya ng Samsonite tungkol sa mga bagay ng tulad ng mga pinakabago o sa hinaharap na mga presyo, tawad, margin, gastos, diskuwento, rebate, mga itinakda sa pagbebenta, kakayahan sa paggawa, dami ng suplay, imbentaryo, mamimili, plano sa negosyo o estratihiya ng distribusyon.

Ang mga batas sa antitrust at kumpetisyon ay maaari ring magbawal sa Samsonite na pumasok sa kasunduan o magtakda ng anumang kondisyon ukol sa presyo ng pagbebenta ng mga produkto ng Samsonite. Hindi mo dapat implewensiyahan ang pagpresyo ng mga produkto ng Samsonite sa anumang paraan na walang pagpapahintulot ng General Counsel ng Samsonite.

Kung may mga katanungan ka tungkol sa mga batas sa antitrust o kumpetisyon, mangyaring kontakin ang General Counsel ng Samsonite.

Kawastuhan ng mga Libro at Rekord

Ang kawasatuhan ng mga rekord ay mahalaga para sa pagtatagumpay ng operasyon ng Samsonite. Ang lahat ng mga pinansiyal at accounting rekord, pananaliksik, report sa benta, mga rekord at report sa gastusin, timesheets at iba pang mga dokumento ay dapat na maging wasto at totoo. Ang lahat ng mga dokumentong isinumite sa sangay na pampubliko, gobyerno, korte o sangay ng pangasiwaan ay dapat na magpakita ng katotohanan ng batayang bagay nang buong malinaw at tapat. Ang paggawa ng mali o nakakalinlang na mga tala, rekord o dokumentasyon ay mahigpit na ipinagbabawal.

Pagbayad sa Mga Opisyal ng Gobyerno

Hindi ka dapat kailanman na direkta o di direktang magbigay o mag-alok na mabigay ng pera, produkto, serbisyo sa anumang bagay na may halaga sa sinumang opisyal ng gobyerno, kandidato sa politika o politikal na organisasyon sa anumang bansa para sa layuning magkaroon o mapanatili ang negosyo, pagkakatanggap ng paborsa pangangasiwaan aksyon o para sa personal na pakinabang.

Ang ilang mga maliliit na pagbayad sa mga opisyal ng gobyerno upang mapadali o mapabilis ang pagkakaganap ng mga karaniwang tungkulin – tulad ng pagkuha ng permit, lisensiya at iba pang mga opisyal na dokumento – ay maaaring pahintulutan. Mangyaring kumuha ng pagpapahintulot ng General Counsel ng Samsonite bago ang pagsasagawa ng naturang pagbabayad.

Kung hindi ka nakakatiyak kung ang partikular na pagbabayad ay pinapahintulutan o hindi, kontakin ang General Counsel ng Samsonite.

Mga Suhol at Pagkukupit

Kailangan mong makipagkalakalan ng tapat at patas sa mga tagapagsuplay, mamimili at kakumpetensiya. Kailangan mong ibigay ang negosyo ng Samsonite batay sa kalidad, serbisyo at nakakakumpetensiyang pagpresyo.

Hindi ka kailanman dapat na mag-alok, humingi o tumanggap ng anumang suhol, humingi ng rebate o kupit. Ang lahat ng mga natanggap na pera mula sa bago o posibleng kasosyo sa negosyo ng Samsonite ay kailangang maitala sa mga librong pampinansiyal ng Samsonite.

Mga Regalo

Hindi ka dapat kailanman kumuha o humingi ng regalo mula sa bago o posibleng kasosyo sa negosyo ng Samsonite. Gayunman, maaari kang tumanggap ng regalo sa makatwirang halaga na inalok sa iyo bilang kortesiya sa negosyo.

Ang mga halimbawa ng mga regalo na makatwiran at naaangkop ay ang mga:

- Token na regalo tulad ng T-shirt, tasa, pen, at iba pang ipinamimigay bilang promo
- Nauubos na mga bagay na maaaring mapagsaluhan kasama ang mga katrabaho
- Makatwiran at nakaugaliang kainan at libangang pangnegosyo
- Imbitasyon sa mga kasayahan tulad ng mga pangnegosyong hapunan, kasayahan at palaro, kaganapan pang-kultural at libangan

Ang mga regalong hindi dapat tanggapin ay kinabibilangan ng mga:

- Perang regalo at mga katumbas ng perang regalo, tulad ng mga gift certificate, mababa sa pamilihang pautang at stock
- Mga regalong mamahalin ang halaga o kakaiba ang uri, kasama na ang mga kompyuter at iba pang mga elektronic na kagamitan, nabayarang tiket sa eroplano, paggamit ng mga bakasyunang pasilidad, pagpapaganda ng bahay at nabayarang lahat na mga biyahe

Sa mga sitwasyong nakakahiya o bastos na tanggihan ang isang regalo, ang regalo ay maaaring tanggapin sa ngalan ng kumpanya at isumite ito sa General Counsel ng Samsonite para sa naaangkop na pangangasiwa.

Kung gusto mong magbigay ng regalo, libangan o iba pang akomodasyon na kaugnay sa negosyo ng Samsonite, dapat mong isagawa ito sa pamamaraan na hindi pangit sa paningin ng iba at hindi masyadong mahal ang gastusin. Ang anumang regalo na iyong ibibigay ay dapat na makatwiran at nakaugalian sa ilang sitwasyon.

Kung hindi ka nakakatiyak kung ipinagpapaghintulot ng Kodigo ang pagtanggap o pagbigay ng partikular na regalo, kontakin ang General Counsel ng Samsonite.

Salungatan ng Interes

Dapat mong iwasan ang lahat ng mga sitwasyon na magiging magkasalungat ang iyong personal na interes, o lilitaw na salungat, sa mga interes ng Samsonite. May salungatan kung may posibilidad para maimpluwensiyahan o maaapektuhan man o hindi ang iyong pagdedesisyon.

Ang mga salungatan ay lilitaw sa maraming iba't ibang sitwasyon. May salungatan ng interes kung ikaw ay may direkta o hindi direktang interes (tulad ng pinansiyal na interes) na maaaring makaimpluwensiya sa iyong pagdedesisyon sa ngalan ng Samsonite.

Sa pagtantiya kung magkakaroon ng salungatan ng interes o wala, tanungin sa iyong sarili ang mga sumusunod na katanungan:

- Ang mga bagay bang walang kinalaman sa negosyo ng Samsonite ay makakaapekto sa aking pagdedesisyon para sa Samsonite?
- Ano ang magiging pagtingin ng iba sa sitwasyon sa Samsonite? Sa tingin ba nila ay makakaapekto ito sa aking trabaho para sa kumpanya?
- Anong magiging pagtingin ng isang tagalabas sa Samsonite, tulad ng mamimili, suplayer o namumuhunan?

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga salungatan ng interes sa ilalim ng Kodigo:

- Ang iyong pagbukas ng tindahan ng mga maleta.
- Ikaw ay isang tagapagpayo para sa isang kaibigang nagbubukas ng tindahan ng maleta.
- Inirerekomenda mong uupa ang Samsonite sa ari-arian at pasilidad na pagmamay-ari ng isang kapamilya.
- Ikaw nakikipagtawaran sa mga itinakda sa trabaho o tumanggap ng isang posisyon sa isang tagapagbenta na iyong kakalakal sa ngalan ng Samsonite.

Ang mga ito ay ilan lang sa maraming mga sitwasyon na lilitaw ang mga salungatan ng interes. Pananagutan mong maging maagap at iwasan ang kahit man lamang paglitaw ng salungatan. Kung ikaw ay may anumang katanungan tungkol sa o gustong magbunyag ng isang potensiyal na salungatan ng interes, mangyaring kontakin ang General Counsel ng Samsonite.

Mga Pakikipagkasunduang Nauugnay sa Partido

Ang mga salungatan ay mas malamang na lilitaw kung ang iyong pakikipagkasunduan sa ngalan ng Samsonite ay kaugnay ang partidong na may kaugnayan sa iyo o sa ibang empleyado ng Samsonite. Ang pakikipagkasunduan sa mga nauugnay na partido ay kinabibilangan ng, ngunit di limitado sa, mga pakikipagkasunduan sa pagitan ng Samsonite at ng:

- Sinumang empleyado ng Samsonite (kabilang ka na) o malapit na kapamilya ng sinumang empleyado ng Samsonite;
- Kumpanya na kung saan ang sinumang empleyado ng Samsonite, o malapit na miyembro ng pamilya ng sinumang empleyado ng Samsonite, ay may pinansiyal na interes. (Ang pagmamay-ari ng kulang sa kalahati ng 1% ng pinakamahalagang share ng isang pampublikong ikinakalakal na kumpanya ay hindi nagbubunga ng salungatan).
- Isang organisasyon na pinaglilingkuran ng isang empleyado ng Samsonite, o pinaglingkuran sa anumang pagkakataon sa loob ng nakalipas na tatlong taon, bilang isang opisyal, direktor, tagapangasiwa o kasosyo; o
- Isang organisasyon na nakikipagnegosasyon ang isang empleyado ng Samsonite, o di pa katagalang nakipagnegosasyon, sa anumang kasunduan tungkol sa isang malamang na trabaho.

Dapat kang kumuha ng isang pag-aproba ng General Counsel ng Samsonite bago magsagawa ng pakikipagkalakal sa anumang kilalang "nauugnay na partido."

Mga Pagkakataon ng Kumpanya

Paminsan-minsan, malamang na ikaw ay bibigyan o mapag-aalaman mo ang mga pagkakataon sa negosyo bilang resulta ng iyong posisyon sa Samsonite. Kailangan huwag mong samantalahin para sa iyong sariling kapakanan ang anumang mga pagkakataon na iyong nadiskubre sa pamamagitan ng iyong posisyon sa Samsonite.

Pakikipagkalakalan sa Tagaloob

Kung ikaw ay may mahalaga, hindi pampublikong impormasyon tungkol sa Samsonite o anumang kumpanya na nakikipagkalakalan sa Samsonite, hindi ka dapat bumili o magbenta ng stock ng naturang kumpanya. Ikaw rin ay pinagbabawalan na maybigay ng naturang impormasyon sa iba upang sila ay bumili o magbenta ng stock o kaya naman ay gamitin ang impormasyon ito para sa kanilang personal na pakinabang. Ang mahalagang di-pampublikong impormasyon ay impormasyong maaaring aapekto sa desisyon ng isang namumuhunan upang bumili o magbenta ng isang partikular na stock at hindi pa naibubunyag sa publiko.

Ang pagbabawal laban sa pagbubunyag ng mahalaga, di-pampublikong impormasyon ay maaaring di iiral kung ang Samsonite ay may obligasyon sa kontrata na magbigay ng impormasyon sa ikatlong partido tulad ng bangko, kumpanya ng seguro, binigyan ng lisensiya o kasosyo sa negosyo. Kung ikaw ay may pagdududa kung naaangkop ang pagbubunyag ng mahalaga, di-pampublikong impormasyon , mangyaring kontakin ang General Counsel ng Samsonite.

Kumpidensiyal na Impormasyon

Ang kumpidensiyal na impormasyon ay kinabibilangan ng anumang impormasyon tungkol sa Samsonite na hindi pa ibinubunyag sa publiko. Maaaring kasama sa kumpidensiyal na impormasyon ang tungkol sa mga plano sa negosyo, bagong produkto at pagpapaganda ng produkto, pamamaraan ng operasyon, suplayer, parokyano, empleyado at pinansiyal na pagtakbo ng Samsonite.

Ang kumpidensiyal na impormasyon ay hindi dapat ibunyag sa mga tao sa loob at sa labas ng Samsonite na walang lehitimong kaugnayan sa trabaho pangangailangang malaman ito. Ang anumang pagbubunyag ng mga kumpidensiyal na impormasyon at dapat na alinsunod sa mga patakaran ng Samsonite at anumang naaangkop na batas, kasama na ang lahat ng mga batas sa pagiging pribado kaugnay sa pangangalaga at pagbubunyag ng personal na mga datos.

Ang pagbabawal laban sa pagbubunyag ng kumpidensiyal na impormasyon ay maaaring hindi iiral kung ang Samsonite ay may pananagutan sa kontrata na magbigay ng impormasyon sa ikatlong partido tulad ng bangko, kumpanya ng seguro, nagbibigay ng lisensiya at kasosyo. Kung ang anumang partido ang nagpupumilit na ikaw ay magbunyag ng kumpidensiyal na impormasyon, o kung ikaw ay nagdududa kung naaangkop o hindi ang pagbubunyag ng kumpidensiyal na impormasyon ng Samsonite sa partikular na sitwasyon, mangyaring kontakin ang General Counsel ng Samsonite.

Wastong Paggamit ng mga Ari-arian ng Samsonite

Kailangang pangalagaan ng lahat ng mga empleyado ang mga ari-arian ng Samsonite laban sa pandaraya, pagkawala, pagkapinsala, maling paggamit at pagkanakaw. Ang lahat ng mga ari-arian ng Kumpanya ay kinakailangang magamit ng mahusay at para sa lehitimong layuning pangnegosyo lamang.

Kasama sa mga halimbawa ng pandaraya ang pagpapalsipika o pandodoktor ng tseke, seguridad, mga resibo, mga report sa gastos, policy, dokumento sa ari-arian o rekord sa accounting; at ang paglustay ng mga pundo, kagamitan at iba pang ari-arian ng Samsonite.

Kailangan mong ireport ang katibayan ng anumang maling paggamit ng mga ari-arian ng Samsonite, pati na rin ang pinaghihinalaang pangdaraya ng anumang uri, sa General Counsel o sa Vice President, Internal Audit ng Samsonite .

Pangangalaga ng Ating Tatak

Ang mga tatak pangkalakal ng Samsonite ay mahalagang ari-arian, at ang bawat taong may kaugnayan sa Samsonite ay dapat na magsikap na pangalagaan ang mga ito. Kung may makikita o malalaman kayong pekeng Samsonite na produktong ipinagbebenta o nakadisplay saan man, mangyaring ipaalam sa General Counsel ng Samsonite.

Ari-arian ng Kumpanya

Ang mga ari-arian ng Samsonite (halimbawa, produkto, sampol, suplay at kagamitan sa opisina) ay kailangang magamit lamang para sa pangnegosyong layunin. Ang pagkuha o paggamit ng ari-arian ng Samsonite na may halaga para sa personal na layunin ay hindi pinapahintulutan. Kung ikaw ay nagsususpetsang ang mga aktibidad sa tindahan, distribution center o iba pang pasilidad ay nabubunga ng pagkalugi sa Samsonite, mangyaring ipaalam sa Vice President, Internal Audit ng Samsonite.

Kaligtasan at Kalusugan

Nagsisikap ang Samsonite upang makapagbigay ng isang ligtas at mabuti sa kalusugan na kapaligiran sa trabaho para sa lahat ng mga empleyado. Bilang kapalit, kailangan kayong manghikayat at maging ligtas habang nasa trabaho at sundin ang mga naaangkop na mga pamantayan ng gawi. Sabihan kaagad ang superbisor kung may napansin na anumang mga panganib sa trabaho.

Pagkakaiba-iba at Pantay-pantay na Pagkakataon

Ang kinabukasan ng Samsonite ay nakadepende sa kanyang kakayahang nitong akitin at panatilihin ang pinakamahusay na mga tao sa lahat ng mga antas ng organisasyon. Ang aming patakaran at gawi ang naniniguro ng pagkakaroon ng pantay-pantay na pagkakataon sa trabaho at pag-asenso para sa lahat ng mga kwalipikadong tao. Pananagutan ninyo ang tulungan ang Samsonite na lumikha at magpanatili ng kapaligiran sa trabaho na kung saan ang pagkakaiba-iba ay iginagalang at ang mga empleyado ay tinatrato nang walang kinikilingan at pantay-pantay.

Ang Samsonite ay tapat sa ganap na pagtupad sa lahat ng mga lokal na ipinag-uutos tungkol sa pantay-pantay na pagkakataon, diskriminasyon at panggigipit.

Tungkulin sa Lipunan

Mahalaga para sa Samsonite na ang mga empleyado ng lahat ng kanyang mga tagapagbenta at tinatrato nang may dignidad at paggalang. Ipinagpipilitan ng Samsonite na ang kanyang mga tagapagbenta at tumutugon sa mga pamantayan sa trabaho, kalusugan at kaligtasan alinsunod sa mga naitatag ng International Labour Organization (ILO), isang ahensiya ng United Nations. Sinusuportahan ng Samsonite ang pinabuod ng doktrina ng ILO: na ang mga tao sa buong mundo ay kailangang magkaroon ng disente at mapagkikitaang trabaho sa mga kondisyon ng kalayaan, pagkapantay-pantay, seguridad at dignidad bilang tao.

Mga Pampolitikang Gawain

Walang kontribusyon ang maaaring ibigay sa politikal na partido o kandidato mula sa mga pundo ng Samsonite o sa ngalan ng Samsonite nang walang pagpapahintulot ng General Counsel ng Samsonite.

At siempre, malaya kayong magbigay ng personal na politikal na kontribusyon at sumali sa mga personal na politikal na gawain sa iyong sariling gastusin at sa iyong sariling oras. Gayunman, hindi ka maaaring magpahayag o magmungkahi sa anumang paraan na ikaw ay kumikilos sa ngalan ng Samsonite o ikaw ay kumikilos na may pagpapahintulot ng Samsonite. Gayundin, dapat kang maging malinaw na ang iyong mga pananaw at kilos ay na may kaugnayan sa anumang relihiyon o panlipunang mga isyu ay iyo at hindi ng Samsonite.

Kung may pagdududa ka kung naaangkop o hindi ang paggamit ng mga pundo o pangalan ng Samsonite kaugnay ng partikular na gawain, mangyaring kontakin ang General Counsel ng Samsonite.

Suporta sa Ating Kodigo ng Gawi

Ang Samsonite ay tapat na tutulong sa kanyang mga tauhan upang tugunan ang kanilang mga pananagutan sa ilalim ng Kodigo.

Pagsumbong ng Maling Gawi at Paghingi ng Paggabay

Kung may alam o pinagsususpetsahan kang mga paglabag ng Kodigo o ng anumang batas, kailangan mong ipagbigay-alam kaagad ang impormasyong ito. Kung ikaw ay may mga katungan tungkol sa kahulugan, layunin at/o pag-iral ng anumang patakaraon na naitakda dito sa Kodigo, mangyaring humingi ng patnubay.

Maaari kang gumawa ng report o humingi ng patnubay sa pamamagitan ng pagkontak sa General Counsel ng Samsonite. Kung ang mga sitwasyon ay hindi naaangkop upang isali ang General Counsel, kailangan mong kontakin ang naaangkop na Vice President, Human Resources para sa iyong rehiyon.

Mga Imbestigasyon

Ang lahat ng mga naipagbigay-alam na mga paglabag ay iimbistigahan kaagad at ituturing na kumpidensiyal hangga't maaari at makatwiran. Hindi ka dapat na magsagawa ng iyong sariling imbestigasyon. Ang mga imbestigasyon ng mga pinaghihinalaang mga paglabag ay maaaring nauugnay sa mga kumplikadong legal na isyu, at ang iyong sariling pagkilos ay maaaring maglalagay sa kompromiso ng integridad ng isang imbestigasyon at labis na makakaapekto sa iyo at sa Samsonite.

Pananagutan

Ikaw at ang bawat tao na may kaugnayan sa Samsonite ay may tungkulin sa pagsunod sa Kodigo. Ang mga nangangasiwa sa iba ay may tungkulin sa pagpapatupad ng naaangkop na pangangasiwa at pagtantiya at pagbibigay-alam ng mga paglabag ng Kodigo sa kanilang mga tauhan.

Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kodigo ay maaaring magbunga ng pagdidisiplina ng hanggang at kasama na ang pagkakatanggal sa trabaho.

Tanging ang Board of Directors bilang kabuuan o ang pinapahintulutang komite ng Board ang maaaring magsantabi sa mga ipina—uutos ng kodigoAng lahat ng mga ng mga pagsa-santabi o waiver ay dapat ng agarang ibubunyag

Ang kodigo ay hindi makakaapekto sa iyong karapatan sa batas.

Ang Samsonite Ethics Reporting Hotline

Napanatili ng Samsonite ang serbisyo ng ikatlong partido upang mapanatili ng hotline upang tumanggap ng mga katanungan at report sa basehang kumpidensiyal.Maaari kang magsumite ng report online sa www.samsonite.ethicspoint.com o tumawag nang libre gamit ang access code at numero ng telepono na nasa www.samsonite.ethicspoint.com.

Walang Paghihiganti

Hindi ka madidisiplina o paghihigantihan para sa pagreport na may tapat na hangarin ng paglabag o pinaghihinalaang paglabag sa Kodigo. Ang Samsonite ang magsasagawa ng pagdidisiplina, na hanggang sa at patiang pagkakatanggal sa trabaho, laban sa sinumang empleyadong kaugnay sa anumang paghihiganti.

■ ■ ■

Ang Kodigo ng Gawi ay hindi maaari at hindi sasaklaw sa lahat ng mga batas o patakaran, ni hindi rin nito masasaklawan ang lahat ng mga sitwasyong maaaring magaganap. Ang pangunahing layuning ng Kodigo ay upang ipaalam sa iyo ang mga pangkalahatang pamantayan na ikaw ay pinabibilinan na tuparin. Kung wala ang iyong suporta at pagsali, hindi matatamo ng Samsonite ang mga maambisyon at mahahalagang layuning kanyang itinakda para sa kanyang sarili.